



lalawigan ng
san diego

mga pestisidyo



Gawin Nating Lahat ang Ating Bahagi!

Karamihan sa mga residente ay nagmamalasakit na mapanatiling malinis ang ating mga daanan ng tubig. Sa katunayan, ipinapakita ng mga survey na isinagawa sa buong Lalawigan ng San Diego na **mahigit sa 50% ng mga residente** ang naniniwala na direktang nakakaapekto sa kanila at sa kanilang mga pamilya ang polusyon sa ating mga dagat, lawa, at sapa.

Nandito Kami Para Tumulong.

Ang mga pestisidyo ay madaling naanod ng ulan o irigasyon. Ang **Programang Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego** ay sumusuporta sa mga pagsisikap ng mga residente para maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahahalagang **tip para hindi makapasok ang mga pestisidyo sa storm drain.**



Ang tubig na pinapakawala sa mga kalsada, gutter, at mga storm drain sa Lalawigan ng San Diego ay **HINDI PA NALINIS** bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at sa karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay pinagbabawalang makaalis sa inyong pag-aari at mapunta sa mga kalsada o storm drain. Tubig-ulan lang ang pinapayagan sa mga kalsada at mga storm drain.

Ano ang Maaari Ninyong Gawin para Panatiliing Malinis ang Ating mga Daanan ng Tubig?

- Maglagay ng pestisidyo kapag tuyo ang panahon at hindi masyadong mahangin.
- Iwasang malagyan ang mga anyong-tubig.
- Maglagay ng pestisidyo ayon sa etiketa.
- Kaunting produkto lang ang gamitin nang sinusunod ang mga instruksyon sa etiketa.
- Gumamit ng mga teknik ng **Magkakasamang Pamamahala sa Peste o Integrated Pest Management (IPM)** upang makontrol ang mga peste. Ang IPM ay kinabibilangan ng paggamit ng mga nakakatulong na insekto, pagtatrap at pag-aalis ng panirang-damo.
- Itago ang mga pestisidyo sa mga lalagyang sarado at may marka sa paraang maiiwasan itong mapunta sa stormwater.
- Agad na linisin ang mga natapong pestisidyo at nang batay sa etiketa o mga direskyon ng Safety Data Sheet (SDS).

**Salamat sa pagggawa
ng inyong bahagi para
pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig.**

Tumawag sa Amin para sa mas Maraming Impormasyon.

1-888-846-0800

watersheds@sdcounty.ca.gov

www.sandiegocounty.gov/stormwater